Grade 6 Filipino

BASAHIN, PAG-ARALAN, AT SIKAPING MAINTINDIHAN:

Ang Bahaging Simuno

Binubuo ng dalawang pangunahing bahagi ang isang pangungusap. Tinatawag na simuno ang una, na kinapapalooban ng paksa o fokus ng pangungusap.

halimbawa:

Ang wika ay bahagi ng kultura.

Ang [ang wika] ang bumubuo sa bahaging simuno. Ito ang fokus ng diwang ipinahahayag ng pangungusap.

Ang Bahaging Panaguri

Ang bahagi ng pangungusap na nagbibigay ng impormasyon tungkol sa paksa ay tinatawag na panaguri.

halimbawa:

Ang wika ay **bahagi ng kultura**.

Ang [bahagi ng kultura], ang bahaging panaguri, ang nagbibigay ng kaalaman tungkol sa paksa ng pangungusap, ang [wika].

Ang Pangungusap na [K] : (BP) + (BS)

Dalawa ang paraan ng pagbuo ng pangungusap. Tinatawag na karaniwan [K] ang pangungusap na nasa una ang bahaging panaguri (BP) at ang nasa huli ang bahaging simuno (BS).

halimbawa:

[K] : (BP) + (BS)

[ipinaglalaban] + [ang karapatan] =
Ipinaglalaban ang karapatan.

Ang Pangungusap na [DK] : (BS) + [ay] + (BP)

Maaari ring nauuna ang bahaging simuno, kasunod ang [ay], at ang bahaging panaguri ang nahuhuli. Tinatawag na di-karaniwan [DK] ang pangungusap na ang estruktura ay (BS) + [ay] + (BP).

halimbawa:

[DK] : (BS) + [ay] + (BP)

[ang karapatan] + [ay] + [ipinaglalaban] =
Ang karapatan ay ipinaglalaban.

Nananatili ang diwang ipinahahayag ng isang pangungusap mabago man ang anyo nito. Hindi naaapektuhan ng pagpapalit ng estruktura ang ibig sabihin ng pangungusap.

Ang [ay] sa Loob ng Pangungusap

Ipinakikilala ng [ay] ang estruktura ng isang pangungusap. Ito ay ginagamit sa pagpapakilala ng bahaging simuno at ng bahaging panaguri ng isang pangungusap na nasa anyong di-karaniwan.

halimbawa:

[DK] : (BS) + [ay] + (BP)

[ang laruan] + [ay] + [itinago ni Ernu] =

[ang laruan ay itinago ni Ernu] =

Ang laruan ay itinago ni Ernu.

[K] : (BP) + (BS)

[itinago ni Ernu] + [ang laruan] =

[itinago ni Ernu ang laruan] =

Itinago ni Ernu ang laruan.

Mapapansing walang [ay] sa halimbawang pangungusap na karaniwan ang anyo. Ang [ay] ay ginagamit lamang sa pangungusap na di-karaniwan ang anyo upang maipakilala ang bahaging simuno, [ang laruan], at ang bahaging panaguri, [itinago ni Ernu].